

Gyro

# MAG-KAISA FUKUSHIMA

Pang-anim na edisyon(2011-10-15)

※Para sa bersyon ng Hapon,Intsik,Koreyano at Pranses ng sulat na ito maaring bumisita sa aming website.

Sa pagkakataon ito nais naming makiramay sa mga biktima ng nakaraan trahedyang naganap na lindol sa hilagang Hapon. At ganoon din ang panalangin naming maagang pag-bawi.Sa pamamagitan ng sulat na ito kung saan makakapag-bigay kami ng up-to-date na impormasyon sa kasalukuyan kalagayan ng Fukushima Prefecture. At para sa mga kababayan may iba't –ibang aktibidad at sa buhay ng ibang dayuhan.



## Ang Fukushima ngayon



Yu Yui Fiesta  
(Fukushima 9/24/2011)



“Iizaka Fighting Festival”  
(Fukushima 10/1/2011)



Nalalapit na Pag-aani ng Palay  
(Aizuwakamatsu 10/2011)



## Tinig mula sa Fukushima

### Tinig mula kay Ginoong Osamu Ono (Aizuwakamatsu City)

Sa nakaraang disaster ako ay nagpapasalamat at hindi masyadong naapektuhan ang aming lugar. Ang pagkalaglag lang ng gamit sa bahay. Pati ang kuryente, tubig, at gas patuloy rin ang serbisyo. Maraming balita akong natutunghayan sa t.v. ukol sa radiation at ang epekto nito sa pangkalusugan at marami sa mga kababayan natin na galing sa baybayin dagat ang nag-evacuate dito sa aming lugar. At ako ay isa sa mga volunteer na tumutulong sa iba't-ibang aktibidad. Nang dahil dito ay iba't-ibang tao ang aking nakilala at nakahalubilo. At ngayon pakiramdam ko ay hindi nagbago ang aming pang araw-araw na pamumuhay. Bagamat di natin nakikita ang epekto ng radiation sa ating pamumuhay ay mahaba pa ang ating tatahakin upang maresolba ang problema sa kontaminasyon at iba't –ibang mga paninirang balita sa mga produkto ng Fukushima.

### **Tinig mula kay Ginoong Yosuke Tabe (lalake, lungsod ng Miharu)**

Ang lindol na nangyari noong Marso 11 ay may pinakamalakas at malaking pinsalang dinulot. Nagpapasalamat ako at walang malaking pinsalang dinulot sa aming tahanan at di naapektuhan ang serbisyo ng kuryente, tubig, gas. Ng aking buksan ang telebisyon nakita ko ang pangyayari sa bayan ng Sendai kaagad kung tinawagan ang aking pinsang naninirahan doon ngunit diko sila makontak at napagalaman ko na lang na kasama silang mag-anak na inanod ng tsunami. Nakakalungkot ang pangyayaring ito dahil marami ang nawalan ng mahahalagang bagay at buhay sa sakunang ito. Walang inpormasyon kaming nakukuha mula sa Gobyerno. Nakakakuha lang kami ng mga bagong balita sa telebisyon. Lahat ng mga mamayan ay namamangha sa mga balita ukol sa pag –apaw ng radiation. Lagi natin naririnig ang salitang “KIZUNA” o ang pag-share ng bagay na mayroon ka at ganoon din ang iba sa iyo. Na sa panahong ito mararamdaman mo ang pagkaka-isa ng bawat isa na siyang kahulugan ng salitang ito sa aking pagkakaintindi.

### **Tinig mula kay Binibining Yuna Choi (babae mula Korea, Fukushima City)**

Ako ay isang international student dito sa Fukushima. Ng mangyari ang lindol kami ay lumikas sa isang shelter ng kaibigan ko. Nang sumunod na araw tumawag ang aking mga magulang at napag alaman ang balita ukol sa radiation at pinilit nilang lisanin ko ang Fukushima kaya kami ay nag bus ng kaibigan ko papuntang Fukushima Airport. Sinuwerte kami dahil nakasakay kami patungong Korea ng Marso 14. Pagkalipas ng ilang buwan at mag-uumpisa ang bagong semester ako ay bumalik ng buwan ng Mayo upang matunghayan ko sa sariling mata kung ano ang kinahinatnan ng Fukushima. Sa aking pagkabigla na bumalik na sa normal ang lahat at parang walang nangyaring sakuna. Palagi ko ng dala ang aking pasaporte kahit saan ako magpunta at nakasuot din ng mask dahil takot sa epekto ng radiation. Pero hindi ko na ginagawa ito ngayon. Determinado akong magtapos sa aking kurso dito sa Fukushima University kaya ginagawa kong lahat ng aking makakaya upang maabot ko ang aking pangarap.

### **Tinig mula kay Ginang Euripa Aparecida Ojima (babae mula Brazil ng Fukushima City)**

Ako ay nagtatrabaho sa Motomiya ng maganap ang lindol kaya di agad ako nakauwi hanggang alas onse ng gabi. Sa pag-aalala sa pagsabog ng Nuclear power plant kami ay lumikas ng aking asawa patungong Brazil sakay ng bus na padala ng Embahada ng Brazil hangang Tokyo ng Marso 15. Ng ako ay nasa Brazil tinatawagan ko ang aking kaibigan isang beses sa isang linggo upang makibalita sa sitwasyon ng Fukushima. Bumalik kami ng Fukushima ng Hunyo, na inaakalang ligtas na. Bagamat nag-aalala pa rin ako sa problema ng radiation , ganon din sa madalas na pag lindol, ako ay nag-ipon ng mga cup noodles sa tabi ng pintuan mangyari man uli ang sakuna ako ay handa na. Naniniwala ako sa kakayanan ng mga Hapon, na madali silang bumangon at mababalik ang mga nawala sa kanila dahil sa kanilang tiyaga at pag-asa sa darating na panahon.

Publisher

**Fukushima International Association**

〒960-8103 Funabacho 2-1, Fukushima City, Fukushima Prefecture

☎024-524-1315 FAX 024-521-8308 E-mail [info@worldvillage.org](mailto:info@worldvillage.org) URL <http://www.worldvillage.org>